## Pagsukat Sa Trayetorya Ng Panagimpan

*Ngunit bakit ka nangahas na sa akin*
*ay lumiyag*
*Di mo baga natalastas na ako'y*
*may ibang hanap?*

— *Awit-Bayan*

*Dumarating sa gilig ng burol ang dayuhan*

Pagkatapos ng dyugdyugan, anong mapapala?
Sinisingil ng mga balo't ampon ang naglagalag
Bagamat ambil sa kanya'y taga-tuklas ng hiwaga,
Walang takot sa kawalan—lahat ay lumilipas...

*Dumarating sa kurba ng bangin ang banyaga*

Habang humihinga, payo ng pantas, asikasuhin
At alagaan ang di-sakop ng bukadurang palpak—
Nakalantad sa sindak ang kaluluwang hubad,
Nagbunyag sa kilabot ang katawang nagbabalat-kayo.

*Dumarating sa bagwis ng layag ang kasamang naligaw*

Lahat ay pumapanaw, anong silbi ng awa o habag?
Gayunma'y kanlungin ang sinumang kasiping
sa magdamag,
Arugain ang katiwalang narumhan, nagtaksil,
Tinalikura, taglay ang makasalana't inandukhang kariktan.

*Dumarating sa dulo ng bahaghari ang kadugong nagpautang*

Sa karimlang lumambong, dumausdos ang tagulaylay—
Umaantak sa gunita ang kumalingang dibdib
Ginahis ng pangako't panaginip, ngayo'y nakatimbuwang,
Niyapos ng dayuhang nakilala sa kislap ng bulalakaw.